

Gabay sa Pagpapakonsulta para sa Early Start

Ang Early Start ay isang pambuong estadong interagency na sistema ng mga magkakaugnay na serbisyong early intervention para sa mga sanggol at maliit na bata na may o posibleng magkaroon ng mga kapansanan o pagkaantala sa development at para sa kanilang mga pamilya. **Bukas ang mga Regional Center at tumatanggap ang mga ito ng mga pagpapakonsulta para sa Early Start sa panahon ng pandemya ng COVID-19.** Kung naghihinala ka na ang isang sanggol o maliit na bata ay may pagkaantala sa development o hindi karaniwang development:



DDS Department of
Developmental
Services



Dumaan sa Screening




Posibleng maging kwalipikado ang isang bata na makatanggap ng mga serbisyong early intervention kung siya ay:

- Nagpapakita ng pagkaantala sa development sa isa o higit pang aspeto ng development ng pag-iisip, pakikipag-ugnayan, sosyal at emosyonal na development, adaptive na development, o pisikal na development at motor development, kabilang ang paningin o pandinig;
- May nakumpirmang panganib ng natukoy na etiyoheya, na may mataas na posibilidad na magresulta sa pagkaantala ng development; o
- Itinuturing na may malaking panganib na magkaroon ng malubhang kapansanan sa development dahil sa kumbinasyon ng mga biomedical na salik ng panganib na na-diagnose ng kwalipikadong kawani.

Magpakonsulta



- Sa loob ng dalawang (2) araw ng pagtatrabaho pagkatapos matukoy na nangangailangan ng mga serbisyong early intervention* ang isang sanggol o maliit na bata, makipag-ugnayan sa iyong lokal na regional center para magpakonsulta para sa mga serbisyo sa Early Start. Tumingin sa ibaba o bumisita sa <https://www.dds.ca.gov/rc/lookup-rcs-by-county>
- 
- I-SCAN ITO
- Sa loob ng 45 araw, ang regional center o lokal na ahensya ng edukasyon ay:
 - Magtatalaga ng Coordinator ng Serbisyo
 - Kukuha ng pahintulot ng magulang
 - Mag-iiskedyul at tatapos ng mga ebaluwasyon
 - Bubuo ng Individualized Family Service Plan (IFSP) para makagawa ng mga kalakasan sa pagsuporta at makatukoy ng mga serbisyo
 - Magbibigay ng mga serbisyo sa bahay o komunidad
 - Magsisimula ng referral sa insurance ng bata para mapangasiwaan ang proseso ng ebaluwasyon**.

Lokal na Regional Center:

Makisangkot



Makipagtulungan sa pamilya at mga partner sa Early Start para mabuo ang IFSP sa pamamagitan ng:

- Paglahok sa mga meeting na nauugnay sa IFSP;
- Pagbibigay ng impormasyon at input para sa assessment team; at
- Pagsangguni ng pamilya sa lokal na Family Resource Center ng Early Start para sa karagdagang suporta. Tumingin sa ibaba o bumisita sa <https://frcnca.org/get-connected>



I-SCAN ITO

Lokal na Family Resource Center:

Tingnan ang Mga Resulta



Ipinapahiwatig ng pananaliksik*** na:

- Ang mga batang lumalahok sa mga de-kalidad na programang early intervention ay may tendensiyang magkaroon ng
 - Mas kaunting pangangailangan para sa special education at iba pang espesyal na serbisyo sa edad na pang-kindergarten;
 - Mas malaki kaysa sa inaasahang pag-unlad sa mga panlipunang ugnayan, paggamit ng kaalaman at mga kasanayan, at mga kasanayan para sa pangangalaga sa sarili; at
 - Mas maliit na panganib na magkaroon ng mga kapansanan sa pakikipag-ugnayan.
- Ayon sa mga magulang na lumalahok sa mga de-kalidad na programang early intervention, nararamdaman nilang sila ay may kakayahan at kumpiyansang
 - Alagaan ang kanilang mga anak at tulongan silang matuto at mag-develop,
 - Makipag-ugnayan sa mga propesyonal, at
 - Magsulong ng mga serbisyo para sa kanilang mga anak.

Para sa higit pang impormasyon at/o para magtanong tungkol sa mga pagpapakonsulta para sa Early Start, makipag-ugnayan sa Early Start BabyLine sa 1-800-515-BABY (2229) or mag-email sa EarlyStart@dds.ca.gov.

* 17 CCR 52040(e)(4)

**Kailangan ay libre para sa pamilya ang paunang ebaluwasyon para sa pagiging kwalipikado. Maaring ang insurance ang magbayad sa gastusin para sa ilang bata.

***Goode, Diefendorf, at Colgan (2011). Nakuha sa <https://ectacenter.org/~pdfs/pubs/outcomesofearlyintervention.pdf>.

MGA DAHILAN *para* IPAKONSULTA

ang isang anak na nasa ilalim ng iyong pangangalaga para sa karagdagang tulong



Iba-iba ang bilis at paraan ng development ng mga bata. Ang mga pagkakaiba-iba sa development ay maaaring nauugnay sa personalidad, pag-uugali, at/o karanasan. Maaari ding may mga pangangailangang pangkalusugan ang ilang mga bata na nakakaapekto sa kanilang development.

Napakahalaga ng mga unang taon sa buhay ng bata. Kapag mas maagang matukoy ang isang alalahanin, mas maagang makakatanggap ang anak at pamilya ng mga espesyal na serbisyo para masuportahan ang paglaki at development. Gamitin ang resource na ito para talakayin ang anumang tanong o alalahanin mo tungkol sa development ng anak.

Mga Salik ng Panganib

Ang mga sumusunod na salik ay maaaring maglagay sa mga bata sa mas malaking panganib na magkaroon ng mga alalahanin tungkol sa kalusugan at development:

- Prematurity o mababang timbang sa kapanganakan
- Mga problema sa paningin o pandinig
- Exposure habang ipinagbubuntis o iba pang uri ng exposure sa droga, alak, o tabako
- Hindi magandang nutrisyon o mga problema sa pagkain (kakulangan sa masusustansyang pagkain, bitamina, protina, o iron sa diyeta)
- Exposure sa lead-based na pintura (pagdila, pagkain, o pagsubo sa mga pinto, sahig, muwebles, laruan, atbp. na may lead-based na pintura)
- Mga salik sa kapaligiran, tulad ng pang-aabuso o kapabayaang

Mga Ugali at Ugnayan

Ang ilan sa mga sumusunod na ugali ay maaaring maging dahilan para mag-alala sa sinumang bata anuman ang kanyang edad:

- Iniiwasang mahawakan, hindi gustong mahawakan
- Hindi gustong pinapakalma, hindi mapakalma
- Iniiwasan o bihirang tumingin sa mata ng iba
- Sa edad na apat na buwan, walang tunog

- na isinasambit o hindi ngumingiti kapag nakikipag-ugnayan sa iba
- Sa edad na isang taong gulang, hindi nakikipaglaro, tulad ng paglalaro ng peek-a-boo o pat-a-cake o hindi nagpapaalam sa pamamagitan ng pagkaway
- Sa edad na dalawang taong gulang, hindi ginagaya ang mga pang-araw-araw na ginagawa ng magulang o tagapag-alaga, tulad ng paghuhugas ng pinggan, pagluluto, o pagsisipilyo
- Sa edad na tatlong taong gulang, hindi nakikipaglaro sa iba
- Karaniwang agresibo kung kumilos, sinasaktan ang sarili o ibang tao

Pandinig

- Madalas na sumasakit ang tainga
- Maraming beses na nagkaroon ng impeksyon sa tainga, ilong, o lalamunan
- Hindi tumitingin sa pinanggagalingan ng mga tunog o boses o hindi nagkakaroon ng reaksiyon sa malalakas na ingay
- Napakalakas o napakahina kung magsalita, o may kakaibang tunog ang boses
- Hindi palaging nagkakaroon ng reaksiyon kapag tinatawag mula sa kabilang panig ng silid kahit na isa itong bagay na karaniwang kinaiinteresang o nagugustuhan ng bata
- Ibinabaling ang katawan nang sa gayon ay palaging nakatutok sa tunog ang iisang tainga

Paningin

- Namumula at nagtutubig ang mga mata o may mga tuyong muta sa talukap ng mata
- Madalas na kinakamot ang mga mata
- Ipinipikit ang isang mata o inihihilig ang ulo kapag tumitingin sa isang bagay
- Nahihirapang manatiling nakatingin sa gumagalaw na bagay o tumingin sa mga tao kapag kinakausap
- Nahihirapang tumuon o tumingin sa mata ng iba
- Karaniwang hinahawakan ang mga aklat o bagay nang napakalapit sa mukha o nakaupo nang napakalapit ang mukha sa telebisyon
- Banlag ang o hindi direktang posisyon ng mata o parehong mata, o hindi sabay na gumagalaw ang mga mata

Paggalaw

- Naninigas ang mga braso o binti
- Tinutulak ang sarili palayo o ibinabaluktot ang likod para mailayo ang sarili kapag hinahawakan nang malapitan o niyayakap
- Sa edad na apat na buwan, hindi pinapanatiling nakaangat ang ulo
- Sa edad na anim na buwan, hindi gumugulong
- Sa edad na siyam na buwan, hindi umuupo
- Sa edad na isang taong gulang, hindi gumagapang gamit ang mga kamay at tuhod, hindi pumupulot ng maliliit na bagay gamit ang daliri at hinlalaki
- Sa edad na labingwalong buwan, hindi naglalakad nang mag-isa
- Sa edad na dalawang taong gulang, nahihirapang humawak ng malalaking krayola at magsulat-sulat
- Sa edad na dalawang taong gulang at kalahati, nahihirapang maglipat ng mga pahina sa isang aklat
- Sa edad na tatlong taong gulang, hindi maganda ang koordinasyon at madalas na nahuhulog o natutumba kapag tumatakbo

Pakikipag-ugnayan

- Sa edad na apat na buwan, walang tunog na isinasambit o hindi ngumingiti
- Sa edad na siyam na buwan, hindi ngumangawngaw para mapansin
- Sa edad na isang taong gulang, walang ibinibigay na ibang reaksiyon sa mga salita tulad ng “night night” o “ball”
- Sa edad na labinlimang buwan, hindi nagsasambit ng mga salita para pangalanan ang mga tao o bagay, tulad ng “mama” o “bottle,” o hindi umiiling para magsabi ng “hindi”
- Sa edad na labingwalong buwan, hindi sinusunod ang mga isang hakbang na direksyon
- Sa edad na dalawang taong gulang, hindi tumuturo sa o pinapangalanan ang mga bagay o tao para ipahayag ang mga kagustuhan o pangangailangan
- Sa edad na dalawang taong gulang, hindi gumagamit ng mga pariralang may dalawang salita, tulad ng “want juice” o “mama go”
- Sa edad na tatlong taong gulang, hindi sinusubukang magsabi ng mga pamilyar na rhyme o kanta

Pag-iisip

- Sa edad na isang taong gulang, nahihirapang maghanap ng bagay pagkatapos itong makitang nakatago
- Sa edad na dalawang taong gulang, hindi tumuturo sa mga bahagi ng katawan kapag tinanong kung nasaan ang mga ito tulad ng “Where’s your nose?”
- Sa edad na dalawang taong gulang at kalahati, hindi nagsasagawa ng mga kunya-kunyaring laro o hindi sumusunod sa mga dalawang hakbang na tagubilin
- Sa edad na tatlong taong gulang, hindi nauunawaan ang mga ideya, gaya ng “mas marami” o “isa”